# *ANG KOMUNYON*

. . .ng Panginoon. At kami'y humihingi talaga ng pasensya dahil wala kaming sapat na mga upuan para mapaupo ang mga tao, at ang iba po'y nasa—nasa labas, nandun na sa labas. Akin pong nabalitaan, kani-kanina lang, na dapat pala'y nirentahan namin ang teatro sa New Albany, na siguro'y kahit tatlong libo ay kasyang-kasya roon. Pero ang inihanda nga namin ay isang ano lamang. . .Rebaybal na para lamang sa munting grupo rito sa simbahan. At—at kaunting pagsalubong lang natin ito para sa mga nagbabalik-bayan. At kami nga'y nagagalak nang lubos na makita kayong lahat na naparito.

2 Kung di po ako nagkakamali, nakikita ko rito ang kapatid kong taga-Georgia. Kapatid, di ko lang mabanggit ngayon ang pangalan mo; Palmer, taga-Macon, Georgia. Kami'y nagagalak na makasama ka namin sa dako rito, Kapatid na Palmer.

Kay Kapatid na Creech, na narito sa unahan, ikinagagalak namin na makita ka.

3 At alam ko na sa isang dako rito sa gusali ay narito po si Doktor Lee Vayle, isa sa mga nagtaguyod ng—ng pagtitipon sa Lima, Ohio, kung saan 'yung. . .Siya po'y pastor ng iglesya ng First Baptist, at isang—isang malapit kong kaibigan. Bumisita siya sa bahay ngayong araw, at naparito para bumisita kasama natin sa buong pagtitipon na ito. Marahil atin lang, isa sa mga gabing ito, ating aanyayahan siya na pumarito sa entablado at mangusap siya nang kaunti. Sinubukan kong siya ang humalili sa oras ko ngayong gabi, para mangusap, at ang kaso tumanggi naman siya. Kaya umaasa pa rin tayo, marahil, na siguro bukas ng gabi, o kung anong oras, si Kapatid na Vayle o ang ilan sa mga. . .ay makakapangusap ng kaunting pahayag o dalawa, patungkol marahil dun sa pagtitipon o mga kaganapan sa dako roon, kung anuman ang ilagay ng Panginoon sa puso niya.

4 May ilan pang narito na gusto ko sanang kilalanin silang lahat kung may oras lang sana, pero kami nga'y nagagalak na kayo'y nakaparito. May nakikita akong munting kapatid dun sa likod, na bahagi nung grupo ng mga ministro na sumadya rito, na bumisita sa'kin nitong hapon, mula pa sila sa Arkansas at may ilan din na mula Missouri.

5 At ngayon, sa gabing ito, gusto nating sulitin ang oras, dahil bawat gabi ay sisikapin nating matapos ng alas nuwebe, kung maaari. Ngayong gabi ay gabi ng Komunyon, kaya siguro po'y mas atrasado ang tapos ngayong gabi kaysa sa karaniwan.

6 Bukas ng gabi, loobin ng Panginoon, nais kong mangaral patungkol sa: *Kayo Nga'y Mangagpakasakdal* at *Ang Sakdal*

*Na Hain*, bukas ng gabi. At, pagkatapos, 'yun po'y sa Biyernes Santo.

7 At pagkatapos sa Sabado ng gabi ay *Ang Paglilibing*, kung loobin ng Panginoon.

8 Linggo ng umaga, ang Pagbubukang-liwayway na gawain ay alas sais. At alas diyes, gawain para sa pagbabautismo. At alas diyes y media, pag-aaral po ng Sunday school, patungkol sa pagkabuhay na mag-uli.

9 At Linggo naman ng gabi, may regular na gawain para sa pagpapagaling gaya ng ginagawa natin sa—sa labas sa pagi-ebanghelyo.

10 Kaya, ngayon umaasa kami na aanyayahan n'yo ang mga kaibigang makasalanan, at iba pa, at pumarito at makisama sa atin dito, at umagapay sa pagtitipon na ito sa parating na . . . sa pagpapatuloy ng pagtitipon na ito, ang ibig kong sabihin.

11 May bago po akong Biblia, ngayong gabi, ibinigay sa akin ng, isang kapatid na lalaking taga-Dunkard. At medyo may kalakihan po ito. Ito ang unang pagkakataon na mangangaral ako gamit ito. Medyo nangangapa pa po ako.

12 Ngayon, batid natin na nagkakatipon tayo para sa isang layunin, at 'yun ay, ang—ang mapalawig pa ang alituntunin ni Cristo, at ang makasumpong ng kapayapaan sa ating mga kaluluwa, at ibunsod tayo na maging mas maiinam na mga kalalakihan at kababaihan, mas maiinam na mga lingkod ng Panginoon. At kung naparito tayo para sa iba pang kaisipan, aba'y, hindi tayo pagpapalain ng Panginoon. Naparito tayo para umagapay. Naparito tayo, na sa Diyos nakatuon. At ito po ang bahay ng pagtutuwid, kung saan ipinagkakaloob ng Diyos ang Kanyang mga pagpapala, at itinutuwid tayo mula sa mali.

Ngayon bago lang natin buksan ang Salita, o—o humiling sa Espiritu Santo na tulungan tayo, atin po munang iyuko ang ating ulo.

13 Mapagpalang Ama na Makalangit, sa Iyong Makalangit na Presensya ay aming inihaharap ang aming mga sarili ngayon, bilang mga tagapakinig ng Ebanghelyo, at bilang tagapagsalita ng Salita; Iyo pong tuliin ang mga labi na nagsasalita, at ang mga tainga na nakikinig, at mga puso na tumatanggap. At ang Espiritu Santo nawa'y pagputul-putulin sa amin, sa gabing ito, at ibahagi ang mga Katotohanan ng Walang Hanggang biyaya ng Diyos, sa bawat isa sa amin; na, sa pag-alis namin sa gusali na ito, sa gabing ito, ay masasabi namin gaya ng mga lalaking pa-Emaus, "Hindi baga nag-aalab ang ating mga puso sa loob natin, habang kinakausap Niya tayo sa may daan?" Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

14 Doon po sa Aklat ng Ebanghelyo ni San Mateo, sa ika-26 na kabanata, sa ika-27 at ika-28 talata, heto po ang teksto na nais kong basahin.

> *At dumampot siya ng isang saro, at* nung siya'y *nagpasalamat, at* kanyang *ibinigay sa kanila, na* nagsabi, *Magsiinom kayong lahat nito;*
>
> *Sapagka't ito ang aking dugo ng bagong tipan, na nabubuhos dahil sa marami, sa ikapagpapatawad ng* kasalanan.
>
> *Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na buhat ngayon ay hindi na ako iinom* ng *bunga ng ubas, hanggang sa araw* na yaon *na inumin kong* panibago *na mga kasalo ko kayo sa kaharian ng aking Ama.*

15 At ngayon mangungusap tayo tungkol sa: *Ang Komunyon*. At heto po ang orihinal na gabi ng komunyon.

16 At ang komunyon ay ginanap, una, doon pa sa Egipto, ang unang komunyon, na yaong—yaong kordero ng paskuwa ay pinaslang, na siyang tipo ni Cristo. At marami sa atin ang pamilyar na sa pinagpalang lumang kuwento na 'yan, kung papaanong yaong mga sumalo sa komunyon sa dako roon, sila'y lumakad sa ilang nang apatnapung taon. At nung paglabas nila roon, ay wala ni isa sa kanila ang nanghihina. At hayan din, na maging 'yung kanilang mga damit ay di man lang nahimulmol, dahil sa loob ng apatnapung taon ay inalagaan sila ng Diyos.

Grabeng pinagpalang kasiguraduhan ang tamasa natin sa gabing ito! Kung 'yun ang tipo, haya't si Cristo ang anti-tipo. At ganoon na lamang na pinalaya ng Diyos ang mga anak!

17 At, 'yung pagsalo sa komunyon, ay buhay at kamatayan ang pagitan. Sila na nasa loob, sa ilalim ng nabubong dugo, ay kumain ng komunyon. Walang kahit sino ang makasasalo sa komunyon na nasa labas yamang ang dapat ay nasa ilalim ng nabubong dugo. Ang dugo ng kordero ay unang binubo, at pagkatapos ay ipinahid sa itaas at haligi ng pinto. . . 'yung itaas 'yung pahalang na kahoy, at doon din sa haligi ng pinto. At 'yung kordero ay iihawin, at tapos. . . at—at—at kakainin na may kasamang mapapait na gulay, at magbibigkis ng kanilang baywang. Pagkatapos na mabubo ang dugo, at makadaan sila sa ilalim ng nabubong dugo, sila'y nabibigkisan at handa na para mag-martsa.

18 At ngayon 'yan nga'y napakagandang tipo ngayong gabi ng mga tao na sumasalo sa komunyon, na haya't wala na silang kaugnayan o koneksyon man sa mga bagay ng sanlibutan. Sila nga'y kailangang dumaan sa ilalim ng Dugo, unang-una, at kinakailangan na malinis mula sa lahat ng kasalanan, na ang tinutukoy ay ang kawalan ng pananampalataya; at ang paa'y masuotan ng kahandaan sa Ebanghelyo, suot-suot ang buong kagayakan ng Diyos, handa nang ipatawag anumang oras.

19 At hayun nga ang—ang tanda na ang anghel ng kamatayan ay di maaaring pumasok sa ilalim ng dugo. Kinakailangan ng anghel ng kamatayan na pumaibabaw at lampasan ang dugo na 'yun. At dun nga kinuha ng makata ang inspirasyon, para masabi, "Kapag nakita Ko ang Dugo, Ako'y lalampas sa iyo."

Nalalapit na ang oras ng pagpapalaya nung tanggapin nila ang komunyon, 'yung—'yung inihaw na kordero at 'yung—'yung mapapait na gulay na kinain nila bago umalis.

20 Ngayon sa anti-tipo naman na ating ipapangusap, ito nga'y maraming mga taon ang nagdaan, ngayong gabi, nung ganapin ni Jesus ang nalalaman nating hapunan ng Panginoon, yaong komunyon. At may kung anong espesyal na bagay tungkol dun, na, Siya'y mangungusap sa mga alagad Niya. At bago lamang lumisan, ay gusto Niyang ipangusap 'yun nang masinsinan sa kanila. At 'yun nga'y. . .May inihanda silang silid para dun. Panahon nga 'yun ng pagbubuklod. At ang ibig sabihin mismo ng komunyon ay pagbubuklod.

21 Marami sa mga iglesya ang may "eksklusibong" komunyon, na sa kanilang sariling iglesya lamang sila nagkakaroon ng komunyon. Pero dito nga'y hindi tayo denominasyon. Tayo'y may bukas na komunyon, para sa lahat, dahil naniniwala tayo na ang bawat mananampalataya ay may karapatan sa hapag ng Panginoon, at ang makapagbuklod sa palibot ng maiinam na mga bagay ng Diyos, kasama ang bawat mananampalataya, maski ano pa ang kredo, kulay, o anupaman siya. Na, ang lahat ay pinainom mismo sa siya't siya ring biyaya, si Cristo!

22 Ngayon, itong dakilang oras na ito ay sumapit sa ating Panginoon, haya't isa mismo sa pinaka matinding pagsubok sa buong paglalakbay Niya sa lupa na nung panahon na 'yun ay napipinto na. Panahon ng pagsubok! Kinailangan ni Jesus na dumaan sa mga pagsubok na 'yun, kung papaano nga na tayo ay dadaan sa mga pagsubok. At ang sabi nga ng Biblia, "Bawat anak na lumalapit sa Diyos, ay kinakailangang unang-una na masubok, mapagsanay, maituwid."

23 Ngayon, sa maraming mga tao, ito'y isang pakikipagharap kapag ang panahon ng pagsubok ay dumarating. Panahon 'yun para mapatunayan kung talaga bang karapat-dapat ka. At ang sabi ng Biblia, "Kung hindi natin kayang tayuan ang pagsubok, ay lumalabas na ilehitimo tayong mga anak," sinasabi-sabi lang pala natin na ang Diyos ay ating Ama, at ang totoo ay di naman pala natin Siya Ama. Dahil kung wasto lamang, at nang buong puso natin, ay tinanggap natin ang Panginoong Jesus bilang personal nating Tagapagligtas, wala ngang kahit anong bagay sa lupa o sa buong kadiliman na walang katapusan ang—ang makapaghihiwalay sa atin mula sa pag-ibig ng Diyos na naroon kay Cristo Jesus.

24 Ako nga'y nagugulat sa panahon na ito, at nagugulat nga sa tuwina kapag may mga taong nag-aangking mga Cristiano, at, sa unang munting pagsubok pa lang na dumarating, sila nga'y bumabagsak sa tabing-daan. Ipinapakita lang na intelektuwal na kaisipan lang ang taglay nila patungkol kay Cristo. Yan ang dahilan kung bakit napakarami sa panahon ngayon ang hindi makapanghawakan, ay dahil nga intelektuwal na kaisipan lang ang taglay. Kung sa intelektuwal lang, Ito'y mapapaniwalaan mo, pero higit nga Ito roon. Ang tanggapin si Cristo, ay ang tanggapin ang Persona ni Cristo.

25 Marami sa atin ang tinatanggap ang Cristianong relihiyon sa batayan lamang ng kaalaman sa kredo. May ilan din naman na tinatanggap ang Cristianismo sa batayan ng mga doktrina sa pagbabautismo. May ilan na naniniwala na sila'y Cristiano dahil sa kung anong emosyon na madalas nilang naipapakita, tulad ng pagsigaw, o pagsayaw sa Espiritu, o pagsasalita ng iba't ibang wika, o sa kung anong kamangha-manghang kaloob na kayang ipakita. Lahat ng mga bagay na 'yan ay maiinam at may kanya-kanya silang lugar. Pero, ang tanggapin mismo si Cristo, ay ang tanggapin ang Persona ni Cristo, at pagkatapos ang iba pang mga bagay na ito ay kusang susunod na lalakip.

26 Ngayon, yamang hindi inilibre ng Diyos ang Sarili Niyang Anak mula sa malupit na pagsubok, gayundin na hindi Niya kayo o ako ililibre mula sa malupit na pagsubok.

27 At heto noon si Jesus na kinaharap ang pinaka masalimuot na pagsubok na kinaharap Niya kailanman, ang Getsemani'y inilatag sa harapan Niya roon, kung saan ang minsana't huling pagsubok na sasapat sa lahat ay dumating, [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] nung ang mga pasanin ng buong sanlibutan ay iniatang mismo sa Kanyang pinagpalang balikat. Wala ngang kahit sino sa buong Kalangitan man o lupa ang makatitindig dun kundi Siya lamang. At ang mabatid mismo na ang lahat ng pagkakasala, ng lahat ng kasalanan ng nakaraan, at kasalanan ng kasalukuyan, at kasalanan man sa hinaharap, ay inilagak sa pasyang ito. At 'yun ang isa sa pinaka dakilang pananagumpay na pinanagumpayan ni Cristo, o nagpatunay sa dakila Niyang pagka-Mesiyas, haya't nung sabihin Niya sa Diyos, "Hindi ang kalooban Ko; kundi ang sa Iyo ang masunod." Yun ang pinaka dakilang katagumpayan na pinanagumpayan Niya kailanman. Lahat ng demonyo ng pagdurusa'y naroon noon sa palibot para tuksuhin Siya at subukin Siya.

28 At sa tuwing iwinawasto tayo sa Diyos, kapag ang mga puso nati'y nagiging dalisay, at dumadako ang Espiritu Santo sa lugar Niya sa ating puso, 'yun ang pinaka maluwalhating panahon ng pagdaan sa pagsubok. Sinasabi sa atin ng Biblia, "Ang ating mga pagsubok at paghihirap ay lalong mahalaga sa atin kaysa sa pilak at ginto ng mundong ito." Kaya, tayo nga'y, dapat na magpasalamat.

29 Hindi ko po sana gustong ihalimbawa ang sarili kong mga karanasan. Pero ito po kasi ang pumasok sa isip ko, naalala ko ’yung matindi’t pangtapos na pagsubok na naranasan ko sa karanasan ko bilang isang Cristiano, doon ’yun noon sa ospital sa dako rito sa Spring Hill. Haya’t, ang asawa ko ay nakaratay sa morge roon, isang bangkay na, at siya’y lumipat na mula sa buhay na ito, para maparoon sa Diyos. At talagang kasagsagan mismo ng pagsubok at pagpapahirap! Hindi lang ’yun basta may magsasabi, “Billy, isa kang holy roller.” Haya’t, di pa ’yun masyadong pagsubok kung tutuusin. At ito ngang iba pang maliliit na pagsubok, at iba pa, na mga panlilibak mula sa mga kalalakihan na mga kasamahan ko sa trabaho, di pa nga ’yun pagsubok kung tutuusin. Haya’t ang pinaka matindi mismong oras ng pagsubok ko ay nung dumating doon si doktor, Adair (naikuwento ko nga ’yun uli sa kanya kahapon sa ospital nung maupo kaming magkasama), at hayan nga nung papalapit siya sa may pasilyo para salubungin ako, at hinawakan niya ako sa kamay, at sabi, “Billy, ang sanggol mo ay naghihingalo, at wala nang tyansa para siya’y mabuhay pa. May tuberkular siya na meningitis.”

Sabi ko, “Naku di ’yan totoo, doktor!” At hayun nga ang nanay ng sanggol na nakaratay, bangkay na!

30 At pumasok ako. At sabi niya, “Basta’t sumama ka lang sa akin.” At nagpunta kami roon sa laboratoryo, at doon ay may itinaas siyang munting babasaging tube, at inalog niya ’yun. At para ngang may kung anong manipis na hibla na nasa loob nun. Sabi niya, “Yan ’yung mikrobyo ng meningitis at nasa loob ito ng sanggol. Kinuha namin ito mula sa gulugod, para palabasin ’yung paghilab.” Tapos sabi niya, “Dito, natuklasan namin na tuberkular na meningitis ito.” Sabi, “Nakuha ito ng sanggol dahil sa paggagatas sa nanay.” Tapos sabi, “Kung ang sanggol ay mabubuhay, magiging pilay ito, pagdurusahan ’yun. Pero,” sabi niya, “kung sa awa ng Diyos, ang sanggol ay yayao kasama ng kanyang nanay.”

Sabi ko, “Doktor, gusto kong makita ang sanggol.”

Sabi niya, “Di puwede, Billy, dahil kay Billy Paul, na anak mo.” Sabi, “Baka madala mo kasi ’yung mikrobyo’t mahawa pa siya.”

31 At, matapos na gawin niya ang lahat ng makakaya niya para patatagin ang loob ko, nung umalis na siya ng gusali, ako nga’y palihim na nagtungo’t pumunta sa silong na palapag. At nung pagkapunta ko roon, ’yung ospital ay di ganoong kaayos kumpara ngayon, at ’yung mga bintana’y nakabalagbag noon at wala pang screen, at may ilang langaw na dumapo sa mga mata ng munti kong sanggol. At kaya binugaw ko paalis ’yung mga langaw at tumunghay ako sa munting katawan ng sanggol, hirap

na hirap, at ’yung munti niyang mga binti’y umuugoy-ugoy. Tapos sabi ko sa kanya, “Sharry, iha, kilala mo ba si daddy?”

32 At mistula ngang parang sinusubukan niyang iwagayway ang munti niyang kamay sa’kin; haya’t walo o siyam na buwan pa lang siya. At tumingin ako sa kanya. At talagang hirap na hirap siya, haya’t munting sanggol lang na walang kamuwang-muwang, hanggang sa ’yung isa sa munti niyang asul na mata ay naduling. Grabeng sakit! Oh, talagang aakuin ko ’yun kung maaari lang anumang oras, mula sa kanya.

33 At lumuhod ako, habang ang mga pintuan ay nakasara, at sabi ko, “Oh Diyos, Ama, naroon pong nakaratay ang asawa ko, ang nanay ng sanggol na ito ay nakaratay dun sa isang dako sa morge ng tagapag-embalsamo. Tapos naroon si Billy Paul sa higaan, may sakit. At heto ang sanggol ko, naghihingalo. Tunay nga na Ikaw, Panginoon, ay di siya kukunin. Mahal ko siya. At kamukha siya ng nanay niya. Gusto kong palakihin siya. Iyo po bang ipahihintulot kung maaari lamang, Oh Diyos, na iligtas ang buhay ng aking sanggol?”

34 At nung tumingin ako sa itaas. . .At gaya ng nalalaman n’yong lahat, ako’y laging sumasailalim sa mga pagitain. Hayan nga’t may parang itim na kurtina na unti-unting nalaladlad, bumababa, at para ngang pinulot ng Diyos ang panalangin ko at itinapon lang ’yun pabalik sa mukha ko. Tapos sabi ko, “Ano po bang nagawa ko, Diyos? Sinuway ko po ba ang Iyong mga kautusan, na kailangan kong batain ang parusang ito? Kung ganoon po, maaari Mo po bang ihayag ’yun sa akin, at nang sa gayon ay makapagsisi ako. Gagawin ko po ang lahat, basta’t huwag lamang kunin ang aking sanggol.” At nakita ko na siya nga’y yayao’t yayao ano’t anuman. Tumayo ako.

35 At pagkatapos pinuntahan ako ng manunukso. Hayun nga ang isang sandali na ’yun sa buong buhay ko, na matatawag ko, na pinaka masalimuot na sandali, ang aking Getsemani. Nung sandali na ’yun na halos hindi na ako makakapit sa higaan, ang sabi ng diyablo, “Nakita mo na. Yan pala ang gantimpala sa pagsisikap mo na mapaglingkuran Siya. Ibig mo bang sabihin kukunin Niya ang batang-bata pang dalawampu’t dalawang taong gulang na nanay, at iraratay siya roon na isang bangkay na sa morge? At kukunin pati ang pinakamamahal mong anak na sanggol, ang sarili mong laman at dugo? At pagkatapos ay ipipinid nang malakas ’yang panalangin mo sa mismong mukha mo? At pagkatapos sasabihin mo na paglilingkuran mo pa rin Siya?”

36 Nakatayo nga ako noon sa pagitan ng opinyon. Kailangang magdesisyon. Pagkatapos ipinatong ko ang kamay ko sa munti niyang ulo, sabi ko, “Ang Panginoon ang nagbigay, haya’t ang Panginoon nga rin ang nag-aalis, purihin ang Pangalan ng Panginoon!” Nakaramdam ako ng kaginhawaan.

37 Sabi ko, "Sharry, iha, di pa puwedeng pumunta si Daddy sa lugar kung saan ka naroon ngayon, pero pupunta't pupunta si Daddy balang araw. Iraratay kita ngayon sa bisig ni Nanay, at ililibing kita, pero makikita ka uli ni Daddy balang araw."

38 Si G. Isler, na siguro'y nakaupo rito ngayon (di ko lang siya makita sa madla rito), ang dating senador ng estado rito sa Indiana. Naglalakad ako roon sa lansangan. G. Isler, sa tingin ko naaalala mo pa ito.

39 Yung mga kamay ko'y nasa likod ko, patungo ako noon sa sementeryo, pagkatapos nung baha, umiiyak. Madalas akong nagpupunta roon ng gabi. At may kalugud-lugod na kalapati na dadapo roon sa puno, at aawitan ako. Mistula ngang mula dun sa mga simoy ng hangin sa mga palo-tsina't mga punong kahoy, ay para bang 'yung awitin ay pabulong na umiihip kasabay 'yun, na sinasabi:

> May Lupain sa kabila ng ilog,
> Na magpakailanmang kairog-irog,
> Mararating lang natin ang baybay sa pamamagitan ng pananampalatayang taglay;
> Isa-isa tayong lumalapit sa lagusan,
> Na doon maninirahan kasama ang mga walang kamatayan,
> Balang araw ay kanilang patutunugin yaong mga kampanang gintuin para sa inyo at sa akin.

40 Si G. Isler, minamaneho niya noon ang luma niyang truck, siya nga'y bumaba, at iniakbay niya ang kanyang bisig sa akin. Sabi niya, "Narinig kita na nangangaral sa kanto sa lansangan, Billy; nakita kita na nakatayo roon sa tabernakulo; narinig kita dun sa pag-aawitan ng mga himno; kung papaano mo ngang itinataas si Cristo, gaya ng pagdedeklara mo kung sino Siya!" Sabi, "Ngayon kinuha na Niya ang tatay mo, ang kapatid mong lalaki, ang asawa mo at maging ang anak mong sanggol." Sabi, "Ngayon ano na Siya para sa iyo?"

41 Sabi ko, "G. Isler, dalhin man Niya ako sa dako ng mga napahamak, iibigin ko pa rin Siya! Dahil, isang araw noon, sa isang dako sa isang lumang silungan ng mga uling, may kung anong bagay na nangyari sa kaibuturan ng puso ko, na walang kahit sino ang makabubura nun. Hindi nga 'yun bagay na sa ganang sarili ko ginawa. Ang Walang Hanggang biyaya 'yun ng Diyos na sumagip sa akin sa oras na 'yun ng napakalaking pagdedesisyon!"

42 At nung ang pinagpala nating Panginoon, ay naroon noon sa Getsemani, sa pagpunta roon, nung Siya ay tang-. . .hudyat nang tatanggihan sa Jerusalem, at ang konseho ay nakaabang na noon para kitilin ang Kanyang buhay, sa puntong 'yun na

ang Walang Hanggang patutunguhan ng bawat kaluluwa, na lumakad o lalakad pa lang sa lupa, ay nakasalalay sa Kanyang desisyon.

43 Oh, napakaliit nga kung tutuusin ’yung akin, kumpara dun! Napakaliit nga nung sa inyo, kumpara dun! Nakakaawa ngang isipin na di natin kayang tindigan ang mumunting mga bagay na ito!

44 Pero dun sa dakila’t mahalagang oras na ’yun, hanggang sa batahin na mismo Niya ang hirap, sa pagkaalam ng lahat ng mga bagay, hanggang sa ang tubig at ang Dugo ay maghiwalay sa Kanyang katawan, at ’yung naglalakihang mga patak ng Dugo na animo’y pawis ay tumagaktak mula sa Kanyang noo. Haya’t mas kakila-kilabot na kamatayan ang Kanyang paulit-ulit na dinanas sa may Getsemani kaysa sa kamatayan Niya sa krus.

45 Siya’y naroon nga sa pagsisimula ng kaganapan na ’yun, bago magsimula ang mabigat na pakikipagbaka, at Siya nga’y sumalo sa komunyon. Tinipon Niya ang Kanyang mga alagad na sila’y magsama-sama, para makapangusap sa kanila ng mga bagay-bagay nang masinsinan.

46 At ganoon ang pamamaraan na ginagawa Niya sa inyo at sa akin man, bago mismo ang isang matinding pakikipagbaka sa buhay ay magsimula. Bago magsimula ang matinding labanan ng tama’t mali na aatikabo sa kaibuturan natin, dinadala tayo ng Diyos sa isang Getsemani. Dinadala Niya tayo sa komunyon, at Kanyang ipinapangusap ang lahat ng mga bagay na ito sa atin nang masinsinan.

47 Doon sa ibayo sa Phoenix, Arizona, may munting trio dun na madalas akong inaawitan, “Nais kong masinsinang idulog ito kay Jesus. Nais kong sabihin, ‘Jesus, inibig Mo ako noong ang tahakin ko’y kumitid. Noong naging madilim at hindi ako makakita sa malayo, inibig Mo ako sa panahon na madilim.’” At sa dulo ng munting awitin ay sinasabi dun, na, “Nais kong masinsinang idulog ito.”

48 At napaka inam na bagay ’yun na ang mga kalalakihan at mga kababaihan ng mundong ito, ay hihinto sa nakapapagod na tahakin nila sa buhay, at dudulog para makipag-usap kay Jesus nang masinsinan, makipag-komunyon kasama Siya, sa isang pagbubuklod. Pagkatapos magsisimula ang pakikibaka, ng mga pagsubok at pagpapahirap. “Bawat anak na lalapit sa Diyos, ay kinakailangang masubok.”

49 Ngayon, walang pagkakamali sa komunyon. Hindi ’yun ibinigay sa layunin na iniisip ng maraming tao. Hayan nga’t ang turo, itinuturo sa ilang iglesyang denominasyon, na ang komunyon ay tinatawag na “Huling pagganap, na ’yun ay tumutukoy sa pagkaligtas.” Ang komunyon ay di tumutukoy sa kaligtasan. Hindi ka bibigyan ng komunyon ng kaligtasan. Yun

ma'y kainin mo sa napipinto mong kamatayan, o—o ano, wala 'yung kinalaman sa iyong pagkaligtas.

50 Isa 'yung paggunita. Ang sabi ni Jesus, sa Ebanghelyo, ang sabi Niya, "Gawin ninyo ito bilang pag-alaala sa Akin." Di . . . 'yun kumikiling o pumapatungkol sa kaligtasan, kundi isa 'yung paggunita sa tapos nang gawa na ginawa na mismo sa inyo sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Isang paggunita.

51 Ngayon napakarami, ng mga nakisalo sa komunyon, na di naman ligtas. Marami ang kumain nung kordero ng paskuwa at namatay sa ilang. At marami ang sumasalo sa komunyon, sa panahon ngayon, na kailanma'y di makikita ang Diyos.

52 Pero hindi ka nga maaaring kabahagi sa pagliligtas Niya at di Siya makikita, dahil ang pagkaligtas ay kaloob ng Diyos. At ang komunyon ay paggunita sa dakila't buong-kasapatan na Hain na inihandog para sa kaligtasang 'yun. Yun nga'y para ipakita sa mga tao na naniniwala tayo sa kamatayan, pagkalibing, at pagkabuhay na mag-uli ng Panginoong Jesus Cristo. Isinasagisag nun ang tapos nang gawa.

53 May panahon na di pa noon tapos ang kaligtasan, panahon na nag-aalay pa noon ng kambing, tupa, dumalagang baka, sa Lumang Tipan, dahil 'yung dugo na 'yun ng Lumang Tipan ay walang kakayahan na bayaran ang kasalanan. Tinatakpan lang nun ang kasalanan. Tumuturo lamang 'yun sa panahon na 'yun ay ipagiging ganap. Bukas ng gabi tatalakay tayo sa bagay na 'yan. Haya't isa lamang 'yung tipo.

54 Pero nung dumating si Jesus, at ang Dugo Niya ay nabubo sa Kalbaryo, 'yun nga'y ganap na paghihiwalay sa kasalanan. Iwinaglit Nun ang kasalanan. Yun lamang ang tanging paraan ukol sa pagkaligtas. Hindi 'yung pag-anib sa simbahan, hindi 'yung mga liham para sa pakikisama, hindi anumang rituwal sa pagbabautismo, hindi 'yung komunyon, ni anuman sa rituwal, o anumang artikulo na iniwan ang Diyos, na mga artikulo na pumapatungkol sa kaligtasan; ang lahat ay ganap na naroon sa tapos nang gawa!

55 Hindi ka ililigtas ng bautismo sa tubig, gayong maraming tao ang nag-iisip nang ganoon kung minsan. Ang bautismo sa tubig ay isang paggunita sa kamatayan, pagkalibing, at pagkabuhay na mag-uli ng Panginoon. Hindi ka nun ililigtas.

56 Maging ang komunyon ay paggunita sa Kanyang dinanas na matinding paghihirap at Kanyang pagyao, at sa Kanyang nahapak na katawan, at Kanyang Dugo na nabubo. Hindi 'yun ang literal na Dugo, hindi 'yun ang literal na katawan; bagkus 'yun ay paggunita sa literal Niyang katawan, at sa napaka halaga Niyang Dugo. At sinusunod natin ang kautusan na 'yan, at iniutos 'yun mismo sa atin ni Jesus na gawin. Habang Siya'y nasa malayong dako pa, ay dapat natin itong gawin.

57 May dakila't, napaka gandang larawan tayo rito sa Aklat, ng Hebreong Sulat, sa ika-7 kabanata. Nais kong magbasa lang nang kaunting bahagi rito sa Mga Hebreo 7, para humango ng isang konteksto na ilalakip dito.

> *Sapagka't itong si Melquisedec, hari sa Salem, saserdote ng Kataastaasang Dios, na siyang sumalubong kay Abraham sa pagbabalik na galing sa paglipol sa mga hari, at siya'y pinagpala niya;*
>
> *Na siya namang binahagihan* ng patriyarkang *si Abraham ng ikasangpung. . .ng lahat; na kung sasaysayin una-una* ay ang *Hari ng katuwiran,. . .at saka ay* ang *Hari naman sa Salem, na sa makatuwid, ay* ang *Hari ng kapayapaan;*

58 Pansinin, gusto nating balikan 'yun, at bulayin. Si Pablo ay may tinutukoy rito na isang tauhan sa Lumang Tipan. Dun sa Aklat ng Genesis, matutugaygay natin diyan ang buhay ni Abraham, mula sa ika-12 kabanata ng Genesis. Ang Diyos ay may ibinigay na pangako kay Abraham, at haya't mula kay Abraham ay uusbong ang Binhi ng katuwiran. At si Abraham, na ang paniwala ng marami ay isa raw siyang Judio, pero siya nga'y hindi. Si Abraham ay isang Gentil, isang Caldeo mula sa siyudad ng Ur. At siya'y naging lingkod ng Diyos, hindi dahil sa naiiba siya sa iba pang tao, kundi dahil sa paghirang ng Diyos.

59 Hindi ka naligtas dahil isa kang mabuting tao. Naligtas ka dahil pinili ka ni Cristo. Walang tao ang naghahanap sa Diyos; ang Diyos ang naghahanap sa tao. Ang sabi ni Jesus, "Walang makalalapit sa Akin maliban na palapitin siya ng Aking Ama unang-una." At kung magagawa lang nating huminto sandali at bulayin ang dakilang kahalagahan ng isang bagay na 'yan, na ang Diyos ang pumili sa iyo, na may kagustuhan na hindi ka mapahamak; bagkus ay binibigyan ka ng pagkakataon, at ikaw nga'y tinawag, at pinili ka para maging lingkod Niya. Buweno, ano pa bang mas hahalaga riyan? Hindi nga ito sa kung ikaw ba ay makapipili! Napaka imposible para sa sinumang tao ang humanap sa Diyos, dahil siya, sa kanyang kalikasan pa lang, ay isang makasalanan mismo, at wala siyang kahit na ano sa loob niya para magbigay ng paghahangad na maglingkod sa Diyos.

60 Magagawa mo bang pumunta sa baboy at sabihin sa kanya na mali siya? Isa siyang baboy, sa kalikasan. Masasabi mo ba sa kanya na ang kinakain niya ay mali? Hindi nga. Sa kalikasan, isa siyang baboy. Sabihin mo man sa kanya na mas mainam kung isa siyang tupa, pero masaya na siya bilang isang baboy.

At ang isang makasalanan ay masaya sa pagiging makasalanan, dahil ang kalikasan niya ay makasalanan.

61 At dahil nga rito! "Lahat tayo'y ipinanganak sa kasalanan, inanyuan sa kasamaan, pumarito sa mundo na nagsasalita ng mga kasinungalingan;" na sa kalikasan, ay isang anak sa

pagsuway, walang Diyos, walang pag-asa, na ang galit ng Panginoon ay nakaumang sa atin. At sa pamamagitan ng pag-ibig na biyaya ni Cristo, ang Diyos, sa Kanyang kataas-taasang biyaya at Kanyang sukdulang kapangyarihan, ay kumakatok sa inyong puso't ibinibigay sa inyo ang pinagpalang pagkakataon, at ganap kang ibinaling, at inilagay sa tamang direksyon na tahakin. Papaano n'yo matatanggihan 'yun? Binago ang buo n'yong pagnanais, ibinaling kayo mismo, at pinalakad sa ibang direksyon na tahakin! Oh, magiging hangal ka, sa paningin ng mundo; pero ikaw nama'y magiging pinagpala, sa paningin ng Diyos. "Mapalad sila na mga nangagugutom at nangauuhaw sa katuwiran, sapagkat sila'y bubusugin," ang sabi ng Panginoon nating Jesus Cristo. Ang Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang kamangha-manghang biyaya!

62 Pansinin, 'yun nga'y dahil sa ginawa ng Diyos, dahil sa pagtawag ng Diyos. Wala kayong paghahangad na tumawag. Di ka nga magkakaroon ng paghahangad na tumawag, dahil ang kalikasan mo ay ganap na laban Dito. Pero ang Diyos, sa pamamagitan ng paghirang, ay tinawag ka at ibinaling ka, at itinuon ang inyong pag-iisip kay Cristo at sa mga mga bagay ng Itaas. Papaano nga natin Ito matatanggihan?

63 Pagkatapos ipinakita ng Diyos, sa pamamagitan ni Abraham, kung ano ang gagawin Niya para sa lahat. Di nga lamang kay Abraham ibinigay ang pinagpalang biyaya na ito ng pagkabuhay na mag-uli at Walang Hanggang Buhay, bagkus maging sa kanyang Binhi pagkatapos niya, ang mga Tinawag, ang mga Hirang ng Diyos.

64 At mapapansin natin 'yun, na si Abraham ay naroon noon sa kaparangan kung saan siya namalagi. Ang kapatid niya, gaya ng tawag niya sa kanya, kay Lot; na kanyang pamangkin kung tutuusin, anak ng kanyang kapatid na lalaki. Pagkatapos dumating ang panahon ng pagsubok. At si Lot ay nanlupaypay sa ilalim ng pagsubok na 'yun. Siya'y ganap na larawan ng karnal na mananampalataya ngayon. Nung dumating 'yung pagsubok, ng pananatili sa tigang na lupain, haya't pinapili siya ni Abraham. At itinanaw ni Lot ang kanyang mga mata at nakita 'yung kapatagan, 'yung lambak, at punung-puno 'yun ng damo. Punung-puno rin ng maiinam na mga pamamahay. Punung-puno ng kaliksihan. Punung-puno rin ng kasalanan. Pero si Lot, dahil sa kalikasan niyang karnal, na mas higit na iniibig itong kasalukuyang sanlibutan kaysa sa mga bagay na parating, mas piniling mamuhay na marangya sa pamumuhay na ito, kaysa sa kamtin ang Buhay na 'yun dun pagkatapos dito.

65 Si Abraham, isang ganap na tipo ng tunay na mananampalataya na hinugasan sa Dugo ng Cordero, na ang pag-iisip ay nakatuon na sa mga bagay sa itaas, ang sabi niya, "Doon ako tatahak sa daan kasama ang iilan na kinamuhian dahil sa Diyos. Di na mahalaga kung ang nakataya ay ang

kasikatan ko, ano man ang maging kapalit, doon ako tatahak sa daan kasama ang iilan na kinamuhian dahil sa Diyos." At pinili niya na manatili roon sa lupain kung saan siya inilagay mismo ng Diyos, sa ilalim ng panahon ng pagsubok.

66 Binubulay ko nga sa gabing ito kung ang mga kinakausap kong mga tao na nagsimula nang tumahak kasama ang Diyos, at, nung dumating naman ang panahon ng pagsubok, ay pinili n'yo na mas mabuting bumalik na lang sa sanlibutan at gawin ang mga bagay ng sanlibutan, o dili kaya'y doon tatahak sa may kahirapang lumang daan ng kaligtasan?

67 Ang ginawa n'yo ba'y katulad kay Moises, nung siya'y sumailalim sa pagsubok? Gayong ang paa niya'y nakaumang na mismo sa luklukan ng Egipto, pero, "Inari niyang malaking kayamanan ang kadustaan ni Cristo kaysa sa lahat ng yaman ng Egipto. Tinalikuran niya ang Egipto, di niya alintana gaano mang karaming ginto, gaano man ang kasikatan. Nanalig siya sa Diyos sa Kanyang Salita! At tinalikuran niya ang mga bagay ng Egipto, ibinilang ang kadustaan ni Cristo na higit kaysa sa mga yaman ng Egipto."

68 Ano bang ginagawa natin habang nasa ilalim ng pagsubok, kapag ang mahihirap na pagsubok ay dumarating? Kapag may nagsasabi, "Dahil ibinubukod mo ang sarili mo mula sa mga bagay ng sanlibutan, na haya't panatiko ka na ng relihiyon," na tunay ngang kay hirap ng dumarating. Hayan nga't darating at darating talaga 'yan. At kinakailangan mong mamili.

69 Pero kung ako'y pipiliin kong manahan sa ilalim ng lilim ng Makapangyarihan sa lahat. Mas pipiliin kong tumahak dun sa daan ko at, gaya ni Jacob, na ang ginawang unan ay bato. Mas pipiliin kong ituring ako ng sanlibutan, "na isang baliw," kaysa sa magkaroon nitong lahat ng mga kayamanan at mga pagpapala na maibibigay ng sanlibutan. Dahil, higit mismo ang pagpapala ng Diyos kaysa sa lahat ng mga kayamanan at ginto at pilak ng mundong ito! Ngayon pansinin.

70 Nung dumating ang matitinding mga pagsubok, nasadlak si Lot sa kasalanan. Alalahanin n'yo, nanggaling siya ng bundok, at bumaba roon sa kapatagan. Tumalikod siya, na gaya. . . Isa ngang ganap na kumakatawan sa karnal na mga Cristiano ng panahon ngayon, na naturingan, na mas pinipili ang daan ng kaalwalan, ang mabulaklak na higaan ng kaalwalan, kaysa sa tumayong tapat sa panahon ng pagsubok. At tuloy nasadlak siya sa kapahamakan.

71 At ganoon din ang mangyayari sa inyo, siyanga. Kung ang pipiliin n'yo ay 'yung malambot na higaan ng kaalwalan, alalahanin n'yo, masasadlak kayo sa kapahamakan, o parang ganoon. "Aabutan ka ng iyong kasalanan!" At mahuhuli ka ng Diyos, balang araw.

72 At kaya isang araw ang hari, ang mga Gentil na hari ng malalakas na rehiyon sa ibayo, dumating sila't kinubkob si Lot at ang kanyang mga anak, ang kanyang asawa't lahat ng ari-arian niya, at tumalilis na isinama sila.

73 At balang araw, marupok kong kaibigan, kung hindi ka mananatili sa ilalim ng Dugo, kukubkubin ka ng mga kaharian ni Satanas at dadalhin ka palayo, kung hindi ka mananatili sa ilalim ng Dugo.

74 At si Abraham, ang tipo ng matuwid, ganoon na lang ang pag-aalala niya sa kanyang pamangkin, siya'y kumakatawan sa tunay, na totoong Cristianong nasubok at dumaan sa pagsubok, at napatunayan.

75 Ngayon, malaki ang kinalaman ng kababaihan dun. Haya't ang asawa ni Lot ay karnal, napaka karnal. Nakatayo na lang tuloy siya ngayon sa isang parang doon, na isang haliging asin, na isang kahihiyan, sa mga taong dumaraan.

76 Si Sarah, isang kalugud-lugod na babae, hangad niyang gawin ang bagay na gusto ng Diyos na gawin niya. Malaki ang pagpipitagan niya sa asawa niyang lalaki; gaya ng, malinaw na nating natalakay kagabi. At nanatili siya sa piling ni Abraham, kahit na ano pa ang dumating o lumisan. Nanatili siya sa piling niya dahil ang asawa niyang lalaki'y nanatili sa pangako. Yun ang naging kaibhan.

77 Mangyari nga na nung si Lot ay tinangay, nanaig ang puso ni Abraham para sa kanya. Haya't nagtipon siya ng isang hukbo na kinabibilangan ng kanyang mga sariling alipin, at nakipagbaka para sa kanyang kapatid. At isa 'yung magandang tipo. Dala-dala nila ang kanilang mga tabak at pinagtataga ang mga haring 'yun, hanggang sa wala ni isa ang natira sa kanila.

78 At 'yun nga'y tipo ng mangangaral ng Ebanghelyo, kapag nakikita niya na tinatangay ng kasalanan ang kanyang iglesya at sinusunggaban ang mga tao. Dala-dala niya ang pinagpalang lumang Ebanghelyo, ang Tabak ng Espiritu, at tatagain 'yun at tatagain 'yun, hanggang sa mataga niya palayo ang kasalanan mula sa kanyang iglesya, kung siya'y tunay ngang lingkod ng Diyos. Tinatanggal niya ang lahat ng walang kabuluhan, ang pagdadaldal, ang paninira nang patalikod. Pinapalis niya ang lahat ng mga bagay at karnal na mga kalikasan ng sanlibutan na gumapang papasok sa iglesya, kung siya'y tunay na lingkod ng Diyos. Dala-dala niya ang Salita, at tataga siya dun sa isang gilid sa kabilaan, hanggang sa mataga na niya't mapalis mismo ang lahat palayo.

79 At pagkatapos nung makuha na niya si Lot, ang kapatid niya na tumalikod sa pananampalataya, at ang mga anak, at sila'y dinadala niya pabalik sa pakikipagsundo, pansinin, ang dakilang hari na ito na nanggaling sa Jerusalem, haya't siya'y kinatagpo. Si Melquisedec! Anong klaseng Lalaki 'yun? Ang

tawag sa kanya ay "Hari ng Salem." Na, sinumang iskolar ay nalalaman na ang *Salem* ay "Jerusalem." Salem ang tawag dun noon bago 'yun tawaging Jerusalem. Sino ang Lalaking ito na kinatagpo siya, na may kaalaman na tinahak niya ang tamang hakbang? Sino ang Taong ito na tumayo sa tabi niya? Masdan n'yo nga kung sino Siya.

> . . .Siya ang *Hari ng Jerusalem,* at Siya rin ang *Hari ng Kapayapaan;*

Ikatlong talata:

> *Walang ama, walang ina, walang talaan ng lahi,* walang *pasimula ng mga araw, ni* walang *katapusan man ng buhay;. . .*

Sino ang dakilang Prinsipe na ito na sumalubong sa kanya pagkatapos na ang pakikibaka ay matapos? Bumuklat tayo sa Genesis, sa ika-14 na talata. . .sa ika-14 na kabanata at sa ika-18 talata.

> *At si Melquisedec na hari sa Salem ay naglabas ng tinapay at alak:. . .*

> *. . .binasbasan* ito, *na sinabi, Pagpalain si. . .ng Kataastaasang Dios, na* nag-iingat *ng* kalangitan *at ng lupa:* at pagpalain si Abraham na Kanyang lingkod.

80 Matapos ang labanan, matapos na makamit ang tagumpay, matapos ang pagpuksa, sinalubong ni Melquisedec si Abraham sa kaparangan, at nagdala ng tinapay at alak, at inihain 'yun sa kanya.

At Sino 'yun? Wala ngang iba kundi yaong Isa na 'yun na kinatagpo si Abraham matapos ang halos isang taon, nung siya nga'y nakaupo sa ilalim ng puno at nakipag-usap sa kanya.

81 At ang siya ring Melquisedec na ito ay nagsabi, "Buhat ngayon ay hindi Ako iinom nitong bunga ng ubas hanggang sa araw na yaon na inumin Kong panibago na kasalo kayo, sa Kaharian ng Ama Ko, kapag matapos na ang pakikipagbaka, kapag ang tagumpay ay napanagumpayan na." Kung ganoon ay pagsasaluhan natin 'yun nang panibago sa Kaharian Niya, kapag ang huling pakikipagbaka'y napaglaban na. Kapag ang huling tabak ay napatay na ang huling kasamaan sa mundo, at ang dakilang Iglesya ng buhay na Diyos ay magtagumpay, si Cristo nga'y sasalubungin sila sa alapaap, na may tinapay at alak, muli, at makikisalo sa komunyon, at sa Walang Hanggan sa Presensya ng Ama.

82 Oh, napapagal na manlalakbay, sa gabing ito, manumbalik ka sa Bahay ng Ama. Lumabas ka na riyan sa Sodoma! Ikaw ay ipinagkasundo na muli sa pamamagitan ng Dugo. At dito nga sa maluwalhating gabing ito ng pag-alaala, na ang dakila nating Melquisedec, Na walang pasimula ng mga araw o ng

katapusan man ng buhay, bagkus Hari't Prinsipe magpakailan-kailanpaman.

83 Ang Espiritu Santo sa gabing ito'y matimyas na niyayaya ang mga di pa ligtas, ngayon kung kayo nga'y walang Cristo sa gabing ito. At kung tapos na ang labanan, kung hangad n'yo na katagpuin Siya sa kapayapaan at sumalo sa komunyon kasama Siya, at mangangako kayo na iibigin n'yo Siya, at ibubukod ang sarili n'yo mula sa mga bagay ng sanlibutan. Papasanin n'yo ang lumang matibay na Ebanghelyo at tatahakin n'yo ang makaluma't mahirap na daan, at iinom kayo mula sa saro ng kapaitan ng pag-uusig ng mundo, at iinumin ang mapapait na gamot ng pag-uusig ng mundo; ito nga'y ibinigay sa atin ng Biblia nang sa gayon ay uminom tayo ng matatamis na alak sa Langit balang araw, sa panahon na kakatagpuin na natin Siya sa kapayapaan sa ibayo sa pagitan ng Langit at lupa, sa panahon na darating Siya upang ihain mismo ang komunyon. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

84 Nawa'y mapagbulay ito nang husto ng mga puso natin, "Iinumin Ko ito nang panibago kasama ninyo, sa Kaharian ng Aking Ama." Kung paparito na Siya bago dumating ang isa uling Pasko ng Pagkabuhay, kung mamamatay kayo bago dumating ang isa uling Pasko ng Pagkabuhay, hindi nga nun mahahadlangan ang dakilang kaganapang 'yun. Dahil sinasabi ko, batay sa Salita ng Diyos, na sila na mga nangatutulog kay Cristo ay unang babangon. At tayo na mga buhay at narito ay aagawin paitaas kasama nila, nang sama-sama, sa alapaap, para salubungin ang Panginoon. At ang dakilang Melquisedec ng Langit, ang Hari ng di-natural na Jerusalem, bagkus Hari ng Makalangit na Jerusalem, ang Bagong Jerusalem, haya't sasalubungin tayo, at tayo'y hahainang panibago ng alak at ng tinapay.

85 Sa gabing ito ay pagsasaluhan natin ang mga sagisag nito. Yun ang gagawin natin hanggang sa masumpungan natin na Siya'y darating muli. Nawa'y masumpungan tayong tapat sa pagyuko natin ng ating mga ulo pansumandali, para sa kaunting pagdulog na panalangin.

86 Ang lahat po'y tumaimtim lang sa abot ng makakaya n'yo, sa taimtim na, banal na sandaling ito. Napakadali nga na ang mga bagay na ito'y mapabayaan nating makahagpos! Ang sabi ng Biblia, "Baka sakaling makahagpos natin ang mga bagay na ito, at pabayaan ang ganitong kadakilang kaligtasan." Haya't napakadaling makalimot. Hindi po tayo dumadalo sa simbahan para makita. Di tayo dumadalo para makapakinig ng mainam na awitan o ng mainam na pangangaral. Nagpupunta tayo sa simbahan para sumamba, sambahin ang Diyos.

87 At bawat isa sa atin, sa ating mortal na katawan na may kaluluwa na haharap sa Kanya balang araw. At kaya sa gabing

ito ng dakilang pagpapapako sa krus, sa pag-aalala sa Kanyang pagyao, sa gabing ito, kung di pa kayo Cristiano, na di pa tinatanggap si Cristo sa buhay n'yo bilang Tagapagligtas, kayo ba'y sapat nang kumbinsido sa pangangaral ng Salita, at ang Espiritu Santo ba'y nakatayo na riyan sa malapit sa inyo na sinasabi, "Nagkasala ka. Ngayon bumaling ka at tumahak dito sa kabilang tahakin na ito"? Maipapahayag n'yo ba 'yan sa pamamagitan ng pagtataas ng kamay n'yo, sasabihin, "Kapatid na Branham ipanalangin mo ako. Akin ngang hinihingi ngayon ang iyong pananalangin na ang Diyos ay mahabag sa akin"? [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Magagawa n'yo bang itaas ang inyong kamay habang naghihintay tayo? Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Mayroon pa po ba?

Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Pagpalain ka ng Diyos, munting bata. Pagpalain ka ng Diyos. May iba pa ba . . . ? Pagpalain ka ng Diyos, binibini.

88 Sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham mayroon bang ibig ipahiwatig ang pagtataas ko ng kamay ko?" Haya't ang pinagiba ay pagitan mismo ng kamatayan at Buhay. Mayroon pa bang mas hihigit kaysa sa Buhay? Kinagigiliwan n'yo . . . haya't tinatanaw n'yo ang kalikasan. Kinagigiliwan n'yo ito; ayaw n'yo ngang mawalay mula rito.

89 Dito lamang sa pagtawid ng kalsada, rito, nung ang asawa ng kapatid kong lalaki ay naghihingalo na noon, isang umaga maraming taon na ang nagdaan, nung ang abang munting Ruth ay iniangat niya ang kanyang ulo, at may robin na nakadapo roon sa puno ng seresa, at gusto niyang matanaw 'yun kahit sa isa muling pagkakataon . . . Ganoon nga ang pagkagiliw niya sa kalikasan. Pero darating ang araw sa pagdating ni Jesus, kanya ngang maririnig ang mga ibon ng Walang Hanggan na sila'y humuhuni. Ang mga bulaklak ng walang kamatayan ay hayan nga't sumisibol. Wala nang sakit, kalungkutan, o kamatayan, dahil siya'y nakipagkasundo na sa Diyos at tinanggap na ang dakilang Cristo Na namatay para sa kanya. Kamit-kamit ang pinagpalang katiyakan na ito Na hindi nabibigo, ang pinagpala ngang Salita ng Diyos Na di nagsisinungaling, ang ipinangako mismong Buhay na Walang Hanggan para sa kanila na mga nanampalataya. Mangyari ngang sa pagtaas n'yo ng inyong kamay, ipinapakita lang n'yan na may espiritu sa loob n'yo na buo na ang pasya. Pagpalain ka ng Diyos, binibini.

90 May bagay diyan sa inyo, isang—isang espiritu . . . Na sa kalikasan ay dapat nakalaylay ang inyong mga bisig pababa, at kapag itataas n'yo ang inyong kamay ay tinataliwas n'yo ang mismong mga batas ng hatak ng mundo. Anupa't sobrenatural 'yan. Yan nga'y—'yan nga'y taliwas sa siyentipikong . . . taliwas sa lahat ng siyentipikong bagay para tumaliwas kayo sa batas ng hatak ng mundo. Di 'yun uubra maliban na lang kung may bagay na sobrenatural. Lalaylay at lalaylay dapat ang mga bisig

n'yo pababa. Pero kung, sa puso n'yo, sumasampalataya ka sa salaysay ng Ebanghelyo at buo na ang pasya sa gabing ito, na sawa't tapos ka na sa kasalanan, at sa kalugud-lugod na papalapit na ito patungong Kalbaryo kung kailan bukas, ng alas tres, sa pag-alaala, ay gugunitain natin ang araw na si Jesus ay namatay para sa kaligtasan n'yo. . . At binubulay n'yo ito nang sapat at ang Espiritu Santo'y bumaba na't kumatok na sa inyong puso at inyo na itong tinanggap. . .

91 Na inyong. . . may kung anong bagay na sa puso n'yo na nagsasabi, "Itaas mo ang iyong kamay." Ipinapakita nga n'yan sa mga tao, at sa Diyos, na sinasampalatayanan mo na ito at tinatanggap ito. Pagpalain ka ng Diyos, lahat kayo na munting mga kabataan: tatlo o apat sa kanila na narito sa may altar, kalugud-lugod na mga kabataang lalaki't kabataang babae na mga labing-walong taong gulang. Lahat sila'y nagtaas ng mga kamay nila nang sabay-sabay. Sinabi ni Jesus, "Pabayaan n'yo ang maliliit na batang lumapit sa Akin. Huwag ninyo silang pagbawalan, sapagkat sa ganito ang Kaharian." Mayroon pa po bang iba bago tayo manalangin?

92 Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Talagang. . . Marahil ikaw nga'y nakagawa ng maraming mga bagay, binibini, sa buhay. Talagang matapat 'yun; naniniwala ako na ika'y isang—isang tapat na babae. At alalahanin mo, di mo maitataas ang kamay mo, kalugud-lugod na kapatid na babae, maliban na lang kung may bagay diyan sa kaibuturan mo, may kung anong bagay sa iyo na nagsabing, "Gawin mo." Marahil kahangalan 'yun na maituturing para sa isang karnal ang pag-iisip, pero kapatid, sa araw na 'yun na ang doktor mismo'y lalakad palayo mula sa pintuan at magsasabi, "Katapusan na." Kapag siya'y lalakad palayo mula sa aksidente at hihilahin ang munti mong katawan palabas, 'yung dugo'y umaagos at 'yung puso mo'y hirap na hirap, "Haya't di na kailangang magsinungaling pa sa kanila; mamamatay na sila." Oh, naku. At sa di magkandamayaw na iisang oras na lang ay susubukan mong magsisi, at sasabihin na lang ng Diyos, "Sa iyong sinapit Ako'y makatatawa na lang." Pero habang nariyan ka pa nga sa wasto na pag-iisip, habang ika'y. . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

93 Ama, habang tinatapos na po namin ang Mensaheng ito, at ang pag-ani sa halos labing-limang katao, na nagtaas ng kanila pong mga kamay, na sila'y mga makasalanan sa buong buhay nila. At ngayon, sa pamamagitan ng biyaya, nangusap Ka sa kanila, ibinaling sila at pinaharap sila sa Kalbaryo, at naririnig ang mga Salitang 'yun na nanggagaling sa mga labi ng Anak ng Diyos, "Ama, patawarin Mo sila, hindi nila namamalayan ang ginagawa nila." Pero ngayong gabi ay tinanggap nila mismo ang Ebanghelyo. Naririnig na namin Siya na nagsasabi, mga ilang araw bago 'yun, "Ang dumirinig ng Aking mga Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay

na walang hanggan; at di na patutungo sa paghatol, bagkus ay lumipat na mula kamatayan patungong Buhay." [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

94 Amin pong inihaharap sila sa Iyo ngayong gabi, Panginoon, bilang Iyong mga anak. Nawa'y ang Iyong Walang Hanggang mga pagpapala ay maglumagak sa kanila, sa Pangalan ni Cristo ay amin itong ipinapanalangin. Nawa'y dumalo sila sa umaga ng Linggo, na dala-dala ang kanilang damit, magsasabi, "Ako'y may pagnanais na hayagang magtapat sa mundo, na ako'y isang mananampalataya. Nais ko ngayong mabautismuhan sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo; tumatawag sa Kanya na ako'y puspusin ng Espiritu Santo, at pangalagaan ako sa buong buhay ko."

95 Iyo pong pagpalain ang mga kabataang babae, ang mga kabataang lalaki, ang mga may edad, ang munting mga bata, at ang lahat. Iyo pong pangalagaan sila, Ama, sila po'y sa Iyo. At bilang mga bunga ng Mensaheng ito sa gabing ito, inihaharap ko po sila sa Iyo, bilang mga bunga. At sila'y nasa sa Iyong kamay na, bilang mga kaloob ng pag-ibig mula sa Diyos, ang Ama. Akin ngang idinadalangin na Iyo silang aalagaan sa buong buhay nila. Sa Pangalan ni Jesus ako'y dumadalangin. Amen. . .?. . .

96 Ikinagagalak nga namin na makasama kayo rito sa gabing ito, at tuwang-tuwa kami na nakadalo kayo. At bukas ng gabi, ang Mensahe natin, bukas ng gabi, ay: *Ang Pagkasakdal Ng Mananampalataya*. At dumalo po kayo, sige't magsama kayo ng maisasama n'yo, kung ang simbahan n'yo ay walang gawain.

97 At ngayon tayo'y magsasalo sa komunyon. Marahil ang ilan sa inyo. . .Medyo atrasado na po ako nang kaunti, sumobra ng kaunting minuto, at pauuwiin natin ang mga uuwi na.

98 At sa inyo naman na nagnanais na magpaiwan para sumalo sa komunyon at paghuhugasan ng paa kasama namin, kami nga'y naniniwala nang ganap na dapat sundin ang bawat atas na iniwan sa atin ni Jesus na gawin. At kung darating Siya sa aking henerasyon, at itutulot na manatili ako sa tuwid na pag-iisip at ingatan ang Kanyang pag-ibig sa puso ko, sisikapin ko sa abot ng higit kong makakaya na sundin ang bawat isa sa mga 'yun, at masumpungang tapat sa tungkulin ko. Pagpalain kayo ng Diyos ngayon.

*ANG KOMUNYON* TAG57-0418
(The Communion)
SERYE NG MGA REBAYBAL SA PASKO NG PAGKABUHAY

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Huwebes ng gabi, Abril 18, 1957 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2020 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org